County ng Contra Costa
Tanggapan ng Administrador ng County • 1025 Escobar Street • Martinez, CA 94553 •
www.contracosta.ca.gov

BAGONG RELEASE
Abril 26, 2023

Kontakin: Kristi Jourdan, 925-313-1183
Kristi.Jourdan@contracostatv.org

Lupon ng mga Superbisor sa Host Asian American, Katutubong taga-Hawaii, at Pagdiriwang ng mga taga-Isla Pasipiko sa Mayo 9

(Martinez, CA) – Ang Lupon ng mga Superbisor sa County ng Contra Costa ay magdidiwang ng mga kultura at tradisyon ng Asian American, Katutubong taga-Hawaii, at taga-Isla Pasipiko (AANHPHI) sa panahon ng seremonya sa regular na pagpulong nila sa ika-**9:30 a.m., sa Martes, Mayo 9.** Ang tema sa taong ito ay "(Pagtataguyod ng Aming Mana, Katatagan, at mga Pamana) Uplifting Our Heritage, Resilience, and Legacies."

Ang tela ng ating County ay hinabi sa mga kultura, wika, pagkain, at tradisyon ng mga komunidad ng Asian American, Katutubong taga-Hawaii, at taga-Isla Pasipiko," sabi ni Board Chair Supervisor John Gioia. "Sa harap ng tumaas na anti-Asyanong pagkagalit, kinukundena namin ang anumang karahasan na ginawa laban sa mga miyembro ng komunidad ng AANHPI at nakikiisa sa aming mga kapitbahay."

Itatampok sa pagdiriwang ng AANHPI ang panauhing tagapagsalita, si Andi Li, na nagtatag ng Tri-Valley Chapter ng Asian Pacific Islander Public Affairs Association sa Bay Area at nagsilbi bilang pangulo ng chapter nito. Pagkatapos ng mga taon ng serbisyo sa mga hindi pangnegosyong organisasyon at mga posisyong itinalaga ng gobyerno, si Andy ay nahalal sa Contra Costa Community College District na Nangangasiwang Lupn noong 2018 at nahalal bilang presidente ng lupon noong 2021.

Ipapalabas sa selebrasyon ang sayaw, musika, pagkain, at natatanging kaugalian mula sa ilang komunidad ng Asyano at taga-Isla Pasipiko na kinakatawan sa County ng Contra Costa, kabilang ang mga komunidad ng Nepalese, Korean, Pilipino, Chinese, Vietnamese, Cambodian, Lao, Thai, at Burmese. Iaalalok ang sabay-sabay na pagsasalin sa iba't ibang pangkulturang pagdiriwang sa walong wika sa website ng County sa pamamagitan ng Zoom: Tagalog, Mandarin, Cantonese, Nepali, Punjabi, Korean, Spanish, at American Sign Language (ASL).

Pwedeng panoorin ng komunidad ang event nang live online sa www.contracosta.ca.gov/6086 o www.contracostatv.org. Ibo-broadcast din nang live ang pagdiriwang sa mga channel ng Contra Costa Television (CCTV): AT&T U-Verse 99, Comcast 27, o Astound 32 & 1027. Pwedeng i-enable ng mga nanonood sa telebisyon ang SAP para marinig ang pagsasalin sa Mandarin. Matuto pa tungkol sa Pagdiriwang ng Asian American, Katutubong taga-Hawaii, at taga-Isla Pasipiko (AANHPI).

# # #